



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

Oral History Project

Interviewee: Sally Richmond
Interviewer: Christine Sumog-oy
Date: 14 April 2017

Magandang hapon po Tita Sally. Maraming salamat sa pagpapaunlak para sa kwentuhan natin ngayong hapon. Ang una ko pong tanong sa inyo ay paano po ninyo dini-describe ang sarili ninyo sa ibang tao.

Ang sarili ko? Ang masasabi ko ay nanduduon ang pagmamahal ko sa community lalo na sa Filipino American community. Nandun ang puso ko.

Wow that's really great Tita Sally. Na-witness namin yan lahat. Yung pagmamahal ninyo sa community. Gusto ko lang din pong maunawaan kung ano yung mga naging karanasan ninyo wherein yun yung nagdevelop po ng inyong love for the community. Balik po tayong sa kuwento ninyo sa Pilipinas. How can you describe your life in the Philippines bago po kayo napunta dito sa U.S.

Ang masasabi ko, kaya siguro ganun ang attitude ko, yung pagmamahal ko sa community. Ay dahil sa mga magulang ko, lalo na yung father ko. Nanduon yung pag-aaruga niya sa mga tao sa community na nangangailangan ng tulong.

For example, one time, may napulot siyang mama, na may sugat ang paa, dinala niya sa bahay. At ang sabi niya ay gamutin daw ng nanay ko. Ginamot naman ng nanay ko. Patirahin daw muna sa bahay. Kahit sa garahe. Sabi ng nanay ko, lumalaki na ang ating mga anak, eh mahirap yung may mga estranghero sa bahay natin. So pero anyway, pinatuloy din sa bahay hanggang gumaling ang sugat at saka umalis na yung tao. So ganun sya. Kapag may nakikita syang may nangangailangan.

Mayroong matanda na nakita niya na pinababayaan ng mga anak. At masungit daw. Pero si Tatay nakita nya na nangangailangan yung matanda. Eh yung ginagawa ng tatay, ipinapadalan sa amin ng pagkain. Na aasikasuhin at kawawa naman yung matanda. So may compassion talaga yung tatay ko para sa mga tao. Kahit yung nasa presohan, padadalan sa amin ng pagkain. May compassion talaga.

Kaya siguro yun din ang nagkaroon sa isipan ko. Yung kung anong itinuturo sa amin ng aming tatay. Na hindi lang sinasabi kundi isinasagawa. At yung sa simbahan din. Malapit ang tatay ko. Everyday, nagsisimba yun. At ganun din naman si Nanay. Very matulungin sa mga taong nangangailangan. So ganoon ako lumaki. Sa ganoong pamilya.



Sally Richmond's Oral History Original Transcription

Kaya hanggang sa lumaki ako, kahit kami ay mahirap, ang tatay ko ay pursigido na pag-aralin kami. Nakatapos ako ng college. Dinala ako ng tatay ko sa Centrol Escolar University. Pinakiusapan yung Presidente na magworking student ako. Nasa registrar's office ako ng university nagtatrabaho. Hanggang sa makatapos ako ng pag-aaral. Pagkatapos ay nagtrabaho din ako sa iba't-ibang business corporations like AT&T. And then napunta ako sa World Vision, nagtagal ako duon. Halos mga 13 or 14 years ako nagtrabaho doon. Mula sa typist clerk hanggang sa maging part ako ng organizational officers.

Doon ako natuto sa community organizing. Nakita ko ang difference ng taong naghihirap ng nasa pamayanan at saka yung mga tao na nasa matataas. Kasi kung pumunta kami sa mga tribal areas, sa mga remote communities, nakita namin kung anong mga pangangailangan nila, may mga projects kaming ginagawa duon. At pag tapos na ang trabaho, pupunta naman kami sa city, balik kami sa hotel, at narerelax. Kaya nakita ko ang difference ng mga taong walang pera at may mga pera. Kaya nandudon ang pagmamahal ko sa community. Doon ko nakikita kung ano ang dapat gagawin.

So hanggang sa mapunta ako dito sa Amerika. Nag-baby sit ako. Matagal din akong nag-baby-sit. Halos mga 16 years. Ang iniisip ko, ano yung kinabukasan ko dito. Kasi ayaw ko namang magtagal dito, mas gusto kong umuwi sa Philippines. Kaso lang andito ang mother ko.

Paano po kayo napunta dito?

Sa nanay ko. Kasi ang mother ko, nandito. Ang sabi nya, pumunta ka na dito, anyway mayroon ka namang visa. Dahil ang first visa ko dito was a tourist. Binigyan ako ng 10 years. I can go back and forth. I have been going back and forth. Hanggang sa na-petition ako ng nanay ko. Nandito na ako nung pina-process ko na ang papers ko para maging immigrant.

Paano rin po ba napunta ang mother ninyo dito?

Ang naunang napunta dito ay ang sister ko. Nurse sya. Noong 1960s. Tapos dahil nag-asawa na siya, magkakaanak siya, walang mag-aalaga ng anak niya. Kaya ipineticion nya naman ang nanay ko. Kaya ang nanay ko naman, pineticion nya yung mga anak niya. Ganun ang istorya.

So sa pag-baby-sit ko in between, sabi ng mga kaibigan ko, dahil ang background ko ay education, eh kumuha ako ng Montessori training. Nag-training ako ng isang taon sa Montessori. Pagkatapos ng training, nagturo na ako. But then mga after three years, sabi ko, mas maganda yung nagbi-baby sit, kasi kaunti lang ang inaalagaan mo. Samantalang yung sa school, ikaw ang Director ng room ng mga 20 kids, at isa lang ang assistant. Eh madaming bata, nakakapagod. Pag uwi ko sa bahay, sabi ni Anthony, cranky na daw ako. Sabi nya, why dont you go back to



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

baby sitting. Kasi daw dati pag umuuwi ako, masaya naman daw ako, ngayon, cranky na daw. Sabi ko, oo nga ano. Sige na nga balik nalang ako ng baby sitting, sabi ko noon.

So I went to some parks in the city. Nakipag-network ako. Naghahanap ako ng baby sitting. Eh tamang-tama, meron namang nagsabi, uy aalis na ako sa trabaho ko, sinabi ko lang sa Boss ko na uuwi na ako ng Californi, pero hindi talaga, papasok ako sa iba. Kasi hindi nya kasundo ang Boss niya. Kaya sinubukan kong mag interview. Aba nagustuhan ako ng mag-asawa. Kelangan talaga pag mag-iinterview, hindi lang one way. Tinatanong ko sila, anong trabaho nila. Sino ang nagdidisiplina sa mga anak nila. Sino ang ama o ina. Kaya nagugulat sila sa mga questions ko. Kelangan makipag-usap ka sa kanila at magpakita ka na medyo smarte ka. Hindi porke magbibaby-sitting ka, eh tatanggapin mo nalang lahat. Itanong mo magkano ang sweldo. Magkano ang benefits. So natuwa sila sa akin. At hi-nire nila agad ako right there. So ayun nag-bi-babysit na naman ako.

And then, after how many years, may kaibigan na naman ako na may-ari ng eskwelahan. Sabi nya, Sally, I cannot find a teacher. Yung Montessorri teacher. Pwede ba tulungan mo naman ako sa school ko. Sabi ko, ah ayaw ko ng magturo. Malayo pa naman ang eskwelahan nya. Nasa Melrose Park. Pero sabi ko, sige I will help you. Tutulungan kita. So nagtagal din ako dun. Mga ilang years. Mga 4 years.

Hangga't sa nagco-community work na ako. Tinawagan ako ng AFIRE. Sabi ng AFIRE, Sally, magcommunity organizing ka. Sabi ko, may trabaho ako. Eh part time lang. Nakakuha kasi ng grant ang AFIRE sa ICIRR. Kaya't nagpart time ako sa AFIRE. Hanggang mag-resign na ako dun sa school.

How was your experience as a community organizer ng AFIRE? Ano yung mga responsibilities ninyo?

I enjoyed it. Mag-o-organize ng meeting with the community. And then ipaliwanag. Kasi dito sa Illinois, 7% ng Filipino population ay below poverty, as per survey. Kasi nagawa ng survey ang Mango operations. Yun ang nirireach out. Yung 7% of the population. Dahil wala naman kaming opisina noon, nagmi-meet lang kami dati minsan sa restaurant. Minsan eh sa bahay. Meron sa church. Nagdi-distribute din kami ng flyers. Pumupunta kami sa Cook County. Pumupunta din kami sa train stations. Sumasakay kami sa mga bus. Naghahanap kami ng mga Pilipino. Kaya nagrireach out kami. Kasi hindi alam ng mga Filipino community, yung about sa food stamp, at SSI.

Binigyan kami ng training ng ICIRR. Madalas din kaming bigyan ng mga training. Kung anu-ano. Yun yung naging instrument namin para maka-reach out sa community. Maganda ang



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

experience namin dyan. Minsan hindi naman kayo kilala ng mga tao. Tapos tatanungin, oh mga Filipino kayo. Ay hindi. Pero nagsalita naman.

Anong mga challenges ninyo sa community outreach?

Hindi madaling i-outreach ang Filipino community. Kasi hindi lahat nagkakaroon ng trust sa iyo. Kailangan mag-e-establish ka talaga ng trust. Pag makita mo ngayon, hindi agad matatapos doon. Kaya it is important to win their trust. And then kailangan din ng connections. Halimbawa, naka-establish ka na ng relationships sa mga tao, pwede mo rin silang tanungin kung may kilala sila na ibang pwedeng makausap. Kaya yun yung way na mag-a-outreach ka. Hindi na kailangan na ikaw lang isa ang gagawa. Kundi yung iba na nakausap mo na rin.

So na-mention niyo rin na yung experience ninyo sa World Vision at sa iba't-ibang organization sa Pilipinas, doon ninyo nahasa yung inyong skills sa community organizing. So ano yung mga particular skills or experiences na natutunan mo sa Pilipinas na nagamit mo na rin dito sa United States?

Yung pakikisalamuha mo sa community. Makiisa ka talaga sa kanila. Ipapakita mo na kasama ka nila. Hindi yung ikaw yung tinitingala nila. Kasi usually, kapag pumunta ka sa mga probinsiya, o sa remote areas, eh di syempre makikisama ka. Kung nag-ra-round ng inom, makikiinom ka rin. Makikisalamuha ka rin. Kung may mga pasayaw sila, makikisayaw ka rin sa kanila. Hindi mo ma-wi-win yung tao, kung hindi ka makikisalamuha sa kanila. Makikiisa ka talaga sa kanila. Hindi ibig sabihin na ikaw ay galing sa city, eh dapat tingalain ka na. Eh kung nakadamit ka, eh manamit ka ng simple para hindi sabihin na o taga-Maynila, pasosyal manamit at nakapayong pa. Kelangan nakabackpack ka. Yung down to earth ang pakikisalamuha mo sa mga tao.

So yung community organizing really involves building trust. At ang pagiging community organizer, kagaya po ng inyong experience, kailangan humble, marunong makisalamuha at mag-emphatize.

Oo. Kasama ka nila.

Paano po kayo na-involve sa pag-organize ng mga domestic workers?

Yung andito na ako sa AFIRE, may nag-o-organize na. Yung Latino Union, anduon na si Myrla. Bestfriend ko si Myrla. Tapos andun din yung ARISE. Sabi ni Myrla, Sally sama ka sa amin. Sabi ko gusto ko yung sa domestic workers, kasi sabi ko, part ng life ko yan eh. Nag-bi-babysit. Nandidiyan ang compassion ko. Tapos alam ko ang mga experiences nila. Kaya nag-involve ako doon. Pumupunta ako. Pero hindi pa kasali ang AFIRE. Kasi sabi nga ni Jerry, nakausap ko siya, eh wala pa tayong capacity Sally. Kahit walang pera. Anyway, later on, sige meron na tayong



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

konting pera. Kaya nag join na ang AFIRE doon sa coalition. Doon nag start ang pakikipag-collaborate natin.

Ano po yung naging karanasan ninyo sa pag-outreach ng mga domestic workers mismo? Saan niyo po sila nahanap?

I-bi-build mo muna yung skills na kailangan. Noong una kaming pumunta sa Springfield, parang naliligaw kami. Eh kasi yung nakikipag-usap lang eh yung lawyer. Buntot buntot lang kami sa kanila. Parang ayaw pang iparinig sa amin. Kaya nagagalit din yung iba. Binigyan muna kami ng training. Yung training na yun ang nagstrengthen sa amin. At nagbigay ng skills. Ano yung gagawin mo sa Springfield. Paano mo iaapproach yung mga lawmakers. Yung process ng pag pass ng law. That was almost a year of training. Dalawang beses sa isang buwan. Kasama na yung visit sa Springfield. So at least maganda na yun. Alam na namin kung ano yung dapat gawin. Hindi yung magbubuntot buntot lang kami.

Sa mga domestic workers naman. Dahil dati naman akong baby sitter. O kahit noon na bago pa ako sa baby sitting. May inorganize na ako dati. Pero more on social and civic. Dahil nag-gather din kami para duon sa Mount Pinatubo. Nag-fundraising kami. Nakaraise naman kami. Ilang boxes yung pinadala namin. We were able to send five to six boxes. Mga damit. Mga pera. Pinadala namin sa Pilipinas. Sa isang Christian organization.

Regarding sa situation ng domestic workers dito sa Illinois, ano po ba ang mga concerns or sitwasyon nila dito? What are the problems they have been experiencing?

Oh yeah, kasi hindi naman regulated. Kanya-kanyang strategy eh. Halimbawa, walang policy kung magkano ang sweldo. Ikaw lang mismo ang makikipagnegotiate. Ngayon kung hindi ka marunong makipag-negotiate, talo ka. Lalo dahil sa negotiation, kung hindi mo inemphasize yung scope ng trabaho mo, maya-maya magluluto ka na, or ipapagawa na sa iyo ang hindi mo dapat gawain. Kung magbaby-sitting ka, mag-baby sitting ka. Hindi yung magpa-plantsa ka pa. Yung magluluto ka pa. Kaya dapat klaro ang iyong job description. Sa baby-sitting kasi, marami din dyan ang walang papel. Kaya mahirap din makipagnegotiate. Iba't-iba ang mga experiences. Hindi nagagather yung mga stories. Kasi may kanya-kanyang istorya yan eh. Merong may mga papel. May iba-ibang sitwasyon. Minsan nakakuha ka ng magandang Boss. Napapamahal ka sa Boss. Kung yung Boss ay very generous, marami kang makukuhang perks. Pero merong iba naman na maramot, at minsan ay yun nga, pag halimbawa nagbabakasyon yung pamilya. Hindi ka kasama. Maiiwan ka. Irerefer ka sa iba para ka dun magtrabaho. Kung hindi ka magtrabaho, eh wala ka ring sweldo. Eh bakit ganun. Eh siyempre, kahit wala pa sila. Kung regular ka nagtatrabaho ka sa kanila, eh dapat bayaran ka. Kasi umiikot ang mundo. May gastos ka ding babayaran pa rin.



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

Sa personal experiences ba ninyo mismo, na-experience mo ba na yung rights ninyo na-violate. Or na-agrabyado ka ng employer.

So far, based sa na-experience ko, nagtrabaho din ako one year sa New York. Pero maganda ang relationship namin ng Boss ko. In fact, gusto nga nila akong pabalikin doon. Pero sabi nga ng Nanay ko, dito ka nalang sa Chicago. Kaya yung Boss ko, kinakabahan eh. Tinatawagan pa ako. Sabi nya, Sally you are not going back there. Sabi ko, my mother wants me in Chicago.

Yung second Boss ko, para ko namang kapamilya. Nakalive-in ako noon eh. Pag nagkakasakit ako, ang mga bata, kakamustahin ako. Yung Boss ko, hindi nagtatrabaho. Nasa bahay lang din siya. May kaya sila eh. Tatlong anak nila eh. Ang tawag ko sa kanila my three angel boys. Yung mother nila, mabait din. Yung buong family nila, kahit yung mga extended families nila, mahal na mahal ako.

May okasyon, ok adults will go out to have dinner. Yung isang bata, nagmamaktol. Sabi niya, nagreklamo siya. Why, what is happening. Sabi ng bata, why will you not let Sally go with you. She is also an adult. Kaya tawa kami ng tawa. Sabi ko dun sa bata, who will take care of you if I will join them. Natatawa ako kasi hindi naiintindihan ng bata. Pero ang babait nila sa akin.

Although yung community kung nasaan sila ay very racist. Pero dahil halos mga kamag-anak din nila yan. Ako naman pinupuri ako lagi ni Kathlyn. Oh si Sally, hindi yan basta basta. Sa bahay, siya ang nagbabasa sa amin ng New York Times. At nagsusulat yan. Nagsusulat kasi ako dati ng article. Kasi may sinulat akong article noon, yung tungkol sa March for Life. Kaya kahit yung mga kaibigan niya, mataas ang pagtingin sa akin. Pag pumupunta yang mga kaibigan niya, oh Sally, mabuti naman sila sa akin. Pero syempre alam ko naman yung sitwasyon ko. Kasi ako ay baby sitter. At sila ay magkakaibigan. Kaya iba't iba yung aming sitwasyon.

Anyway, that is my life with Kathleen and family. Kahit hanggang ngayon, nagcocommunicate kami. Yung isang araw, birthday ni Kathleen, nagpadala ako ng email. Nung birthday ko, nagpadala rin sila ng email. Pagka-Pasko, minsan pumupunta ako sa kanila. Yung mga bata malalaki na. Dalawa meron ng asawa. Yung isa, may anak na. Tapos isa nalang yung walang asawa. Ang tawag nila sa akin ay Nanay Sally. Lumaki kasi sila sa akin.

That's a blessing na makapag-trabaho sa isang pamilya na maayos ang turing nila sa atin bilang domestic workers. Subalit sa pag-organize ninyo sa AFIRE, unfortunately merong ibang domestic workers na hindi maganda ang mga nagiging experiences with their employers. Kaya based doon sa experience ninyo sa AFIRE, isa kayo sa nag-lead ng campaign doon sa pagpasa ng Domestic Workers' Bill of Rights. Ano pong naging motivation ninyo para magkampanya sa pagpasa ng batas na iyon.



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

Well, dahil ako ay naging baby sitter, at alam ko na hindi lahat ng experiences ay maganda. Lalo na sa senior caregivers. Marami akong naririnig diyan. Marami diyan mga live-in. Kung tutuusin mo, talagang mababa ang sweldo nila. Dahil akala nila, malaki na ang sweldo nila doon sa isang araw. Pero kung bibilangin mo, 24 hours kami nagtatrabaho, kasi kahit natutulog ka, pwede ka pa rin nilang gisingin. Lumalabas eh wala pang 5 dollars sa isang oras. Eh dahil sa nakatira sila sa bahay, sinasabi nila na malaki na yun. Wala pang realization na ay ako pala ang lugy dito.

Isa sa efforts natin ay to raise awareness regarding sa mga karapatan ng mga domestic workers. Ano po ang pangarap ninyo para sa Filipino community dito sa Chicago?

Ang pangarap ko ay ang community ay magkaroon hindi lang ng pansarili kundi pati awareness. Marami din ang na-o-observe ko, makasarili. Halimbawa, merong iba diyan na nagsasabi na, ay kailangan ko ng ganito. Eh sabi ko, nasaan na ang mga kaibigan mo. Kailangan makipag-network ka. Makipag-kaibigan ka. Kung ikaw ay baby sitter, makikisalamuha ka sa mga baby sitters para makakuha ka ng trabaho. So kailangan i-organize mo talaga ang mga tao na magkaroon ng awareness. Na ano ang nangyayari sa kapaligiran. Usually, very active tayo sa mga religious, pero pagdating sa political awareness, hindi masyado. Kaya maganda nga nung nagdadala tayo ng mga tao sa Springfield, at least nabibigyan natin sila ng edukasyon. Hindi lang para maka-trip sa Springfield, but then may purpose. Ano yung purpose natin. Nagkakaroon ng awareness ang mga tao. Ano ang nangyayari sa ating mga kapaligiran. Ano ang epekto sa atin ng mga laws na lumalabas.

Lalo na ngayon, sa ilalim ng bagong administrasyon, maraming mga batas na nailabas na nakakaapekto sa atin bilang immigrants at mga domestic workers. Ano pong sa tingin ninyo ang magawa natin para maprotektahan yung mga Filipinos?

Kailangan talaga mabigyan sila ng pag-aaral. Para magkaroon ng awareness. Knowing their rights. And what is really happening. Kasi minsan yung mga tao hindi na nagtatanong kung ano talaga ang totoo. Kagaya nung sa United na issue. Hindi lang yun issue ng isang grupo, kundi issue rin yun ng buong Asian community.

Kagaya nga nung isang estudyante ko, nakikita nya yung racism. Yung estudyante ko, Puerto Rican ang father, Filipino ang mother. Yung mother nya nagtrabaho sa Taiwan, doon sila nag meet ng kanyang father. Doon nagkakilala. Nagka-asawa. Feeling niya sa sarili niya, nung maliit pa sya, dahil marunong syang mag-Chinese, na siya ay American citizen nung mag move sila dito sa America. Nagkaroon sya ng awareness nung highschool na sya. Nung nag-lead sya sa community. Sabi nya, you know what, even now I realize that I am not really accepted because of my color and feature. Matalino sya eh. Computer engineer sya. Maganda ang kanyang trabaho. Sabi nya, ang nangyayari sa grupo. Ilan silang Asian. Naku, in na in sila. Nagkakatuwaan na sila. Nafifeel nila yun. Siniset aside tayo. Ganun yung feeling niya. Kahit sa



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

eskwelahan daw, ganun ang turing sa kanila. Kaya feel na feel nya ang racism, kahit hindi direct. Pero nafifeel nya na hindi sya in sa grupo.

Nakita ko rin yan sa school ng aking pamangkin. Makikita mo na sila ay lalapit sa pamangkin ko, dahil yung pamangkin ko, nag valedictorian yun eh. Lumalapit sila dahil magaling yung pamangkin ko. Pero napapansin ko, pag andun na sila sa grupo, naiiwan na yung pamangkin ko. Kasi yung mga Filipino Americans, yung lumaki dito, makikita nila yung difference ng treatment sa kanila. Akala nila pareho sila, pero mafifeel rin nila na kakaiba sila.

Ako naramdaman ko lang yan one time nung pumunta kami sa isang fair. Syempre ako ang baby sitter. Naiiba ako. Mina-mark yung mga tao. Tapos ako hindi mina-mark. Sabi ko, hey how about me? Is it because I am brown? Nagtawanan lahat, eh di tinatakan ako. Pero yeah grabe ang racism sa Wisconsin. May one time, nung pumunta kami ng restaurant, hindi ako pinapansin. Sabi ko I need high chair for the kid. Napuna yun ng Boss ko. Sya na ang kumuha ng high chair. Sabi nya, never mind Sally, I will get the high chair myself. Kaya mararamdaman mo na ang racism malakas din.

Nagkaroon ba ng impact sa inyo yung prejudice ng ibang tao? Paano ninyo inassert ang identity ninyo?

Sinasagot ko sila. Katulad one time, yung mga kapatid ko, binabalik namin yung cart. Akala nila hindi namin nilalagay sa tamang pwesto. Sabi ba sa amin eh, go back to your own country. Sabi ko, why, who are you? Are you a native Indian? The Indians are the first to come here. We're all immigrants here. Kaya sumasagot ako. May mga iba dyan na nagsasabi na they never experienced. No way. They have experienced it. Kaya lang hindi nila pinapansin.

Isa sa dahilan kaya nagkaroon ng AFIRE ay para mabigyan ng space tayong mga people of color, sabi nga nila, na ma-share ang mga experiences na ito and ma-empower natin ang ating mga sarili. And tuloy-tuloy yan under the new administration. Huling tanong po: ano ang mensahe ninyo sa mga Filipino na nasa Pilipinas ngayon na naririnig itong mga kwento about discrimination and about challenges under Trump administration. Ano yung mensahe ninyo para sa kanila, especially yung Presidente mismo ng Pilipinas ang nagsasabi, na pauwiin nalang tayo sa Pilipinas kung may mga challenges rin tayo sa documentation.

Palagay ko nagdidwindle na rin ang popularity ni President Duterte. Dahil nakikita na rin yung maraming taong napapatay. Although noong una, gusto ng mga tao, dahil para mawala na yung mga drug addicts. Dahil nagkakaroon ng katahimikan. Nakakalakad na raw sila sa kalye ng walang pangamba. Pero sa ngayon, ang naririnig ko na nga, ay nagdidwindle dahil maraming napapatay dahil maraming mga drug addicts. Sinasamantala yung war on drugs. I really do not like the comment of the President that he will not lift a finger for those who are undocumented



Sally Richmond's Oral History
Original Transcription

na napunta sa America. Kasi malaki ang nagagawa ng mga undocumented. Kasi kahit undocumented yan, nagpapakahirap naman yan sila para magpadala ng suporta sa Pilipinas. Hindi naman sila nagpapasarap. Pag pinadala sa Pilipinas, malaking bagay yan sa kita ng gobyerno. Kaya nga tinatawag na yung mga migrante ay bayani ng bayang Pilipinas. Sila ang mga bayani. Dahil sila ang nagdadala ng yaman sa Pilipinas. Dahil malaki naman ang nabibigay ng mga migrante. Ang ibig kong sabihin, hindi naman pumupunta ang mga migrante dito para magpasarap, kundi dahil wala namang makuha na trabaho sa Pilipinas. Kung ang gobyerno ay may magandang patakaran na magkaroon ng trabaho ang mga tao, at may magandang kinikita para sa kanya at sa pamilya, eh hindi naman magsisialisang ang mga tao sa Pilipinas. Dahil ang epekto ng pag migrate ng Pilipino - posibleng masira ang pamilya dahil sa pagkakalayo. Lumalaki ang mga bata na wala sa poder o alaga ng ina. Pag nagkita yan, eh malaki na. They have lost time sa pagpapalaki na hindi alam kung ano talaga yung buhay ng bawat isa. Tapos yung iba nalululong sa droga dahil walang proper guidance ng ina. Kaya dapat malaman natin na may mga rason kaya sila pag napupunta dito. At hindi naman para nagpapasarap lang. At saka anong epekto nito sa mga pamilya.

Kaya natin ni-launch itong oral history project. Kasi gusto nating ibahagi ang iba't ibang kwento na napilitang lisanin ang ating bansa para maghanap ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa kagaya ng US. Kaya malaki po ang pasasalamat namin na naibahagi mo ang iyong kwento sa Filipino community dahil naniniwala tayo na ang ating power ay is in our stories. Bago po nating tapusin ang kwentuhan natin ngayong hapon. Meron po ba kayong huling mensahe para sa mga Filipino community dito sa Chicago?

Magkaroon sila ng awareness. Na sana mga kababayan, magkaroon tayo ng awareness. Pag sinasabi natin na pag medyo politikal, nagbabackout agad tayo. Pero bahagi ng buhay natin yan. Para yan sa wholeness natin. Naroon yung ating pagiging relihiyoso. Pero para maging whole, kasama ang politikal dyan, ang social, ang cultural. Kaya pangalagaan natin ang ating history at culture. Mga bagay-bagay na nakapaligid sa atin to be a whole person.

Maraming salamat po Tita Sally.

Walang anuman Christine.